

SALIKSANAY: Mungkahing kagamitang panturo sa pananaliksik sa senior high school

Castillo, Aljune J. ✉

Mindoro State University, Philippines (aljune.castillo@minsu.edu.ph)

Received: 6 July 2026
Available Online: 22 July 2026

Revised: 13 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26310

Accepted: 20 July 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makabuo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang panturo na tutugon sa mga natukoy na pangangailangan sa pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik sa Senior High School. Sinuri din sa pag-aaral ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga kompetensi sa pananaliksik, ang lawak at dalas ng paggamit ng mga estratehiya at kagamitang panturo sa pananaliksik, ang antas ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo, gayundin ang mga isyu at hamong kinakaharap ng mga guro sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Gumamit ang pag-aaral ng kuwantitatibo-kuwalitatibong deskriptibong disenyo sa ilalim ng mixed methods approach. Kabilang sa mga kalahok ng pag-aaral ang dalawampu't dalawang (22) guro at dalubguro sa Senior High School. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng talatanungan, semi-estrukturadong interbyu, dokumentaryong analisis, at pagsusuring pangnilalaman. Sinuri ang mga kuwalitatibong datos sa pamamagitan ng thematic analysis, habang ginamit ang weighted mean at standard deviation sa pag-aanalisa ng mga kuwalitatibong datos. Batay sa mga natuklasan, lumabas na katamtaman ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Samantala, madalas na ginagamit ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, subalit nananatiling katamtaman ang antas ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ng pananaliksik. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng mas angkop at kontekstuwalisadong kagamitang panturo upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bunga nito, nabuo ang isang kontekstuwalisadong kagamitang panturo na nasa anyong Strategic Intervention Material (SIM) na naglalayong makatulong sa pagpapaunlad ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa Filipino. Ang kagamitang ito ay dinisenyong nakaangkla sa natukoy na pangangailangan sa pagkatuto at mga aktuwal na hamon sa silid-aralan. Inirerekomenda sa pag-aaral na ipabalideyt at ipawasto muna ang nabuong kagamitang panturo bago ito gamitin sa aktuwal na implementasyon. Iminumungkahi rin na palawakin pa ang mga susunod na pag-aaral sa iba pang strand ng Senior High School upang masuri ang bisa nito sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto.

Keywords: kagamitang panturo, kontekstuwalisasyon, pananaliksik, senior high school, strategic intervention material

SALIKSANAY: Mungkahing kagamitang panturo sa pananaliksik sa senior high school

1. Panimula

Ang edukasyon ay mahalagang salik sa paghubog ng kakayahan, pag-uugali, at pagkatao ng isang indibidwal. Sa pamamagitan nito, hindi lamang nalilina ang kaalaman at kasanayan kundi maging ang pagpapahalaga, disiplina, at kakayahang mag-isip nang mapanuri. Sa kasalukuyang panahon na patuloy na naaapektuhan ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at globalisasyon, higit na naging mahalaga ang papel ng edukasyon sa paghahanda ng mga mag-aaral upang maging produktibo, responsable, at aktibong kalahok sa lipunan. Dahil dito, kinakailangang maisaalang-alang ang iba't ibang paraan ng pagkatuto at natatanging kakayahan ng mga mag-aaral upang maging mas inklusibo at makahulugan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kabila ng mga pagbabagong ito sa larangan ng edukasyon, nananatili pa ring hamon sa maraming paaralan ang kakulangan ng mga kagamitang panturo na angkop sa antas ng pag-unawa at konteksto ng mga mag-aaral. Bagama't may umiiral nang iba't ibang materyales sa pagtuturo, hindi lahat ay sapat upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mahahalagang konseptong dapat nilang matutuhan. Bunga nito, nagiging limitado ang kanilang aktibong partisipasyon sa klase at naaapektuhan ang kabuuang kalidad ng pagkatuto. Gayundin, nahihirapan ang mga guro na gumamit ng mga estratehiyang higit na nakasentro sa pangangailangan at karanasan ng mga mag-aaral.

Lalong naging malinaw ang suliraning ito sa panahon ng mabilisang paglipat sa digital at malayuang pagkatuto sa iba't ibang bansa sa Timog-Silangang Asya. Ayon kina Swindell at Radford (2025), nananatiling hamon sa ilang sistema ng edukasyon ang kakulangan ng inklusibo at angkop na kagamitang panturo para sa dihital na pagkatuto. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang limitadong akses sa mga epektibong materyales at suportang pampagtuturo ay nakaapekto sa pag-unawa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Bunga nito, nagkaroon ng learning gaps lalo na sa mga batayang kasanayan sa literasi at pagsusuri. Sa maraming pagkakataon, nahirapang makasabay ang mga mag-aaral dahil sa limitadong interaksyon at kakulangan ng sapat na paggabay mula sa mga guro. Kaugnay nito, binigyang-diin ng *United Nations Sustainable Development Goal 4* o SDG 4 ang kahalagahan ng inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa lahat bilang bahagi ng pagsusulong ng panghabambuhay na pagkatuto (United Nations, 2015). Dahil dito, higit na naging mahalaga ang papel ng mga guro sa paggamit at paglinang ng mga makabagong estratehiya at kagamitang pampagtuturo na tumutugon sa nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng patuloy na pag-angkop sa mga bagong pamamaraan ng pagtuturo, nagiging mas makahulugan at epektibo ang proseso ng pagkatuto sa loob ng makabagong silid-aralan.

Samantala, ipinakita sa EDCOM II Report (2023) na nananatiling mababa ang antas ng kasanayan sa pagkatuto ng ilang mga mag-aaral pagdating nila sa Senior High School. Ipinahihiwatig nito na may umiiral na malalalim na puwang sa pagkatuto (learning gaps), lalo na sa mga batayang kasanayan tulad ng pagbasa at pananaliksik. Kaugnay nito, lumilitaw din ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo na maaaring makaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, kritikal na pag-iisip, at pagbuo ng akademikong kaalaman.

Sa implementasyon ng *K to 12 Curriculum*, mahalagang bahagi ng Senior High School ang paghahanda sa mga mag-aaral para sa mas mataas na antas ng pag-aaral at sa kanilang magiging papel sa mundo ng trabaho. Kasabay nito, pinaunlad din ang kanilang kakayahang komunikatibo, mapanuri, at pananaliksik. Dahil dito, kinikilala ang pananaliksik bilang isang mahalagang kasanayang akademiko na dapat malinang sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, natututuhan nilang magsuri ng impormasyon, bumuo ng lohikal na kongklusyon, at maglahad ng mga makatwirang argumento. Kabilang sa mga asignaturang itinaturo sa Senior High School ang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Layunin nito na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa masusing pagbasa, pagsusuri, at pagbuo ng sistematikong pananaliksik. Gayunpaman, nananatili pa ring hamon ang mababang antas ng kasanayan at interes ng mga mag-aaral sa gawaing ito.

Dito umuusbong ang tunay na ambag at kabaguhan ng kasalukuyang pag-aaral. Bagama't marami nang pangalahatang pananaliksik ukol sa metodolohiya ng pagtuturo, may umiiral na malaking kakulangan sa mga empirikal na pagsusuri na nag-uugnay sa aktwal na antas ng kasanayan ng mag-aaral at sa mga partikular na hamon ng mga guro sa lalawigan. Ang pag-aaral na ito ay hindi lamang simpleng pagtukoy sa mga suliranin; bagkus, ito ay isang estratehikong hakbang upang tulayán ang learning gaps sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng isang kontekstuwalisadong kagamitang panturo na partikular na nakaangkla sa sosyo-kultural na realidad, lokal na karanasan, at pangangailangan ng Dibisyon ng Lungsod ng Calapan, Oriental Mindoro. Sa pamamagitan nito, binibigyang-buhay ng pananaliksik na ito ang diwa ng *Republic Act No. 10533 (Enhanced Basic Education Act of 2013)*, partikular sa Rule II, Seksiyon 10.2.d at 10.3, na nag-aatas sa lokalisasyon ng kurikulum, gayundin ang Artikulo XIV ng Saligang Batas ng 1987 hinggil sa pagpapayaman ng kulturang Pilipino sa loob ng silid-aralan.

Napakalaki ng kahalagahan at implikasyon ng pag-aaral na ito sa iba't ibang sektor ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral, ang nabuong kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay magsisilbing daan upang makita ang praktikal na halaga ng pananaliksik sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, na gigising sa kanilang interes at magpapataas ng kanilang akademikong motibasyon. Para naman sa mga guro, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng kongkretong tugon at patnubay alinsunod sa DepEd Order No. 42, s. 2017 o ang Philippine Professional Standards for Teachers (PPST), partikular sa pagpapalago ng ika-21 siglong kasanayan at paggamit ng mga estratehiyang angkop sa lokal na konteksto ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, para sa mga tagaplano ng kurikulum at pamunuan ng Dibisyon ng Lungsod ng Calapan, ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay magsisilbing basehan ng mga polisiya at lokalisasyon na makatutulong sa pagpapatupad ng mas inklusibo at dekalidad na edukasyon.

Batay sa mga suliranin at pangangailangang inilahad kaugnay ng pagtuturo ng pananaliksik, nahimok ang mananaliksik na siyasatin ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa Senior High School. Sinuri rin sa pag-aaral ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro, ang lawak ng paggamit ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo, at ang mga isyu at hamong kanilang kinaharap sa proseso. Ang mga impormasyong nakalap ay nagsilbing empirikal na batayan sa pagbuo ng makabagong kagamitang panturo na inaasahang makatutulong sa pagpapalawak ng pag-unawa, paglinang ng interes, at pagpapataas ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, layunin ng pag-aaral na ito na makapag-ambag sa pagpapayaman ng mga kagamitang panturo na maaaring magamit ng mga guro sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Inaasahan na ang mabubuong kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay magsisilbing pangmatagalang gabay at sanggunian sa Dibisyon ng Lungsod ng Calapan at makatutulong sa pagsusulong ng isang edukasyong hindi lamang epektibo at makabuluhan kundi nakaugat din sa lokal na realidad at karanasan ng mga mag-aaral.

Layunin ng pananaliksik na ito na makapagmungkahi ng kagamitang pampagtuturo ng pananaliksik sa Senior High School.

- Ano ang antas ng kasanayan sa mga kompetensi sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa Senior High School?
- Batay sa pagtataya ng mga guro, gaano kalimit gamitin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik?
- Gaano kalawak ang paggamit ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ng pananaliksik?
- Anong isyu at hamon ang kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pananaliksik?
- Anong disenyo ang naaangkop sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo?
- Batay sa pagsusuri, anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring maimungkahi?

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik. Gumamit ang pag-aaral ng pinaghalong pamamaraan (mixed methods), partikular ang kuwantitatibo-deskriptibo at kuwalitatibong disenyo, upang komprehensibong mailarawan at masuri ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng pananaliksik sa Senior High School. Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang mixed methods research ay isang disenyo na pinagsasama ang kuwantitatibo at kuwalitatibong datos upang makabuo ng mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa isang penomena. Sa aspektong kuwantitatibo, ginamit ang deskriptibong pamamaraan upang matukoy ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo at ang lawak ng paggamit ng kontekstuwalisasyon sa asignaturang pananaliksik. Samantala, sa aspektong kuwalitatibo, ginamit ang deskriptibong pagdulog upang mailarawan at maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at suliraning kinahaharap ng mga guro.

Kalahok ng Pag-aaral. Ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito ay dalawampu't dalawang (22) guro sa Filipino na kasalukuyang nagtuturo sa Senior High School sa iba't ibang pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Lungsod ng Calapan. Gumamit ang mananaliksik ng *purposive sampling* sa pagpili ng mga gurong kalahok upang matiyak na sila ay may sapat na aktwal na karanasan at kaalaman sa pagtuturo ng asignaturang pananaliksik. Bukod sa mga guro, ang pag-aaral ay sumasaklaw din sa pagsusuri ng mga dokumento mula sa mga mag-aaral. Mula sa kabuoang populasyon na 2,700 mag-aaral sa Baitang 11 na kabilang sa General Academic Strand (GAS) noong taong panuruan 2024–2025, kinalap at masusing sinuri ang 348 lagumang pagsusulit (summative test papers). Ginamit ang *Slovin's Formula* upang siyentipikong matukoy ang angkop at representatibong bilang ng mga papel-pagsusulit na isasailalim sa pagsusuri upang tumpak na masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga kompetensi ng pananaliksik.

Lokal ng Pag-aaral. Isinagawa ang pananaliksik na ito sa siyam (9) na piling pampublikong sekondaryang paaralan sa ilalim ng pamamahala ng Kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Lungsod ng Calapan, Oriental Mindoro. Ang pagpili sa lokal na ito ay ibinatay sa pangangailangang masuri ang implementasyon ng kurikulum sa Senior High School at ang hamon sa kontekstuwalisasyon ng mga kagamitang panturo sa mismong dibisyon. Ang mga piling paaralan ay nagkakaloob ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa mga mag-aaral na nasa Baitang 11.

Instrumentong Ginamit. Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng tatlong pangunahing instrumento upang makatipon ng sapat na kuwantitatibo at kuwalitatibong datos. Ang unang instrumento ay ang estandardisadong lagumang pagsusulit (summative test) sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang kompetensi. Upang matiyak ang bisa (validity) at katatagan (reliability) nito, ang pagsusulit ay sumailalim sa mahigpit na proseso ng quality assurance, pagsusuri, at balidasyon ng mga eksperto at Education Program Supervisors (EPS) ng DepEd, habang ginamit naman bilang batayan sa interpretasyon ng marka ang opisyal na pamantayan ng Department of Education Order No. 8, s. 2015.

Ang ikalawang instrumento ay ang sariling-gawang talatanungan (researcher-made questionnaire) upang matukoy ang mga estratehiya at kagamitang panturo ng mga guro, gayundin ang lawak ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo. Upang matiyak ang bisang pangnilalaman (content validity), isinailalim ito sa balidasyon ng tatlong eksperto sa larangan ng wika, kurikulum, at pananaliksik upang masigurong angkop ang bawat aytem, at dumaan din sa isang pilot test kung saan ang nakalap na datos ay sinuri gamit ang Cronbach's Alpha upang matukoy ang panloob na konsistensya (internal consistency) nito na nakakuha ng iskor na 0.85. Ang antas ng paggamit ng mga estratehiya at lawak ng kontekstuwalisasyon ay sinukat gamit ang 4-point Likert Scale na binigyang-kahulugan mula Pinakamadalas/Pinakamalawak (3.50–4.00) hanggang Hindi ginagamit/Hindi gaanong malawak (1.00–1.49).

Ang ikatlong instrumento ay ang gabay sa semi-estrukturadong interbyu (interview guide) upang mas malalim na maunawaan ang mga isyu at hamong kinakaharap ng mga guro. Ang gabay sa pagtatanong ay dumaan sa pagpapatibay ng mga eksperto para sa bisang panlabas (face validity), at upang mapanatili ang katapatan

(trustworthiness) at kredibilidad (credibility) ng kuwalitatibong datos, isinagawa ang proseso ng member-checking kung saan muling binalikan at ipinasuri sa mga kalahok ang natapos na transkripsiyon upang kumpirmahin ang kawastuhan ng kanilang mga ipinahayag.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos. Ang sistematikong proseso ng pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay nagsimula sa paghingi ng pormal na pahintulot mula sa Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Lungsod ng Calapan. Matapos maaprubahan ang aplikasyon, nagsumite rin ang mananaliksik ng mga pormal na liham-pahintulot sa mga kalahok upang matiyak ang kanilang boluntaryong partisipasyon alinsunod sa mga etikal na pamantayan ng pananaliksik. Sa pagpapatibay ng lahat ng kinakailangang pahintulot, pormal na isinagawa ang aktuwal na pangangalap ng datos sa mga piling pampublikong paaralan sa dibisyon sa pamamagitan ng pagbawi ng mga marka mula sa lagumang pagsusulit ng mga mag-aaral, pamamahagi ng sariling-gawang talatanungan sa mga guro, at pagdaraos ng mga semi-estrukturadong interbyu. Sa tulong ng pormal na pahintulot mula sa mga gurong kinapanayam, gumamit ang mananaliksik ng audio recording at maingat na transkripsiyon upang matiyak ang katumpakan ng lahat ng verbal na pahayag. Sa huling bahagi, isinagawa ang pagsusuring pangnilalaman (content analysis) sa lahat ng nakalap na impormasyon upang makabuo ng isang angkop at komprehensibong disenyo para sa mungkahing kagamitang panturo batay sa mga natuklasan, kaugnay na literatura, at umiiral na polisiya ng DepEd. Ang mga nakalap na kuwalitatibong datos ay dumaan sa masusing thematic analysis, habang ang mga kuwantitatibong datos naman ay sinuri sa pamamagitan ng istatistikal na pamamaraan gamit ang weighted mean at standard deviation.

Etikal na Pagsasaalang-alang. Sa pagsasagawa ng pananaliksik, mahigpit na isinasalang-alang ang mga pamantayang etikal upang mapanatili ang integridad ng buong pag-aaral. Kinilala at wastong binigyang-pugay ang mga naunang literatura at iskolar na naging batayan ng kasalukuyang papel sa pamamagitan ng angkop na pagsipi. Upang matiyak ang boluntaryong partisipasyon, bago pa man simulan ang pangangalap ng datos tulad ng interbyu at pagtataya, dumaan ang mga kalahok sa proseso ng pagbibigay ng malinaw na pahintulot (*informed consent*). Ipinaliwanag sa kanila ang layunin, kalikasan, at kahalagahan ng pag-aaral, gayundin ang kanilang karapatan na huwag sumagot sa mga sensitibong tanong o umalis sa pananaliksik sa anomang oras nang walang anumang parusa o epekto sa kanilang akademikong katayuan. Ang kasunduang ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng paglagda sa pormularyo ng pahintulot. Bukod rito, hiningi rin ang opisyal na pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan at mga guro para sa pag-akses at pagsusuri sa mga papel-pagsusulit ng mga mag-aaral. Tiniyak na ang paggamit ng mga papel na ito ay para lamang sa layunin ng pananaliksik at hindi makakaapekto sa kanilang aktwal na marka o grado sa asignatura. Alinsunod sa mga probisyon ng *Data Privacy Act ng 2012 (Republic Act No. 10173)*, mahigpit na sinunod ang prinsipyo ng kumpidensiyalidad, anonimidad, at seguridad ng impormasyon. Tinanggal o tinakpan ang mga pangalan at anumang personal na marka sa mga papel-pagsusulit, at gumamit ng mga kowd sa pagsusuri ng datos upang maprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Ang lahat ng nakalap na dokumento at personal na tala ay mananatiling pribado.

3. Resulta at Diskusyon

Matutunghayan sa bahaging ito ang resulta ng pag-aaral at diskusyon batay sa sumusunod na layunin:

2.1 *Antas ng kasanayan sa mga kompetensi ng pananaliksik*

Ang pananaliksik sa Senior High School ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum na naglalayong linangin ang akademikong kakayahan at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa Filipino, ang pangunahing layunin ng edukasyon ay ang paghubog ng ganap at buo na Pilipino na may kapaki-pakinabang na literasi (Kagawaran ng Edukasyon, 2016). Sa kontekstong ito, binibigyang-diin ang pagpapalakas ng kakayahang komunikatibo at kritikal na pag-iisip. Higit pa rito, napayayabong ang pagpapahalagang pampanitikan at ang kakayahang bumuo ng diskurso sa pamamagitan ng sistematikong pananaliksik. Kasabay nito, pinaunlad rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang uri ng teksto na nagsisilbing matibay na pundasyon sa pagsulat ng maayos at sistematikong pananaliksik. Kaugnay nito, isa ang asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang

Teksto Tungo sa Pananaliksik na pinag-aaral ng mga mag-aaral sa Senior High School. Inilalarawan ito bilang isang masusing pag-aaral sa proseso ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang anyo ng teksto na mahalaga sa sistematikong pagbuo ng pananaliksik (Kagawaran ng Edukasyon, 2019). Sa ikalawang semestre, ang lahat ng mag-aaral sa Baitang 11 ay pinag-aaralan ang core subject na ito. Higit nitong pinapalalim ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga binasang teksto at ang pagsulat ng panimulang pananaliksik.

Talahanayan 1

Antas ng kasanayan sa mga kompetensi ng pananaliksik

Kompetensi sa Pananaliksik	MPS	SD	Berbal na Interpretasyon
Nasusuri ang ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika sa pananaliksik	78%	0.21	Patungo sa Pagkalinang
Nabibigyang-kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik	84%	0.18	Patungo sa Pagkalinang
Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng pananaliksik sa Filipino	31%	0.27	Mababa
Nagamit ang mga katuwirang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik	46%	0.24	Katamtaman
Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa	28%	0.29	Mababa
Kabuoang Weighted Mean	53%	0.24	Katamtaman

Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa limang kompetensi sa pananaliksik sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Batay sa resulta, nakapagtala ang kabuoang kompetensi ng Mean Percentage Score na 53% at standard deviation na 0.24 na may berbal na interpretasyong katamtamang antas ng kasanayan. Ipinahihiwatig nito na bagama't may paunang kaalaman at kakayahan ang mga mag-aaral sa mga batayang konsepto ng pananaliksik, kinakailangan pa rin ng mas malalim na paglinang at patuloy na pagsasanay upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa akademikong pananaliksik. Kaugnay nito, umaayon ang resulta ng pag-aaral sa natuklasan nina Salangsang at Rogayan (2021) na nagsasabing maraming mag-aaral sa Senior High School ang nakararanas pa rin ng kahirapan sa pagsasagawa ng pananaliksik, lalo na sa pagbuo ng organisado at lohikal na papel-pananaliksik. Natuklasan din sa kanilang pag-aaral na may malaking epekto ang kakulangan sa sapat na pagsasanay, malinaw na paggabay, at angkop na kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na mahalagang mapalakas pa ang mga estratehiya at kagamitang ginagamit sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pananaliksik.

2.2 Dalas ng Paggamit ng Estratehiya at Kagamitang Panturo sa Pananaliksik

Ang estratehiya sa pagtuturo ay itinuturing na isa sa mahahalagang elemento ng kurikulum na nangangailangan ng sapat na paghahanda at maingat na pagpapalano ng mga guro. Ito ay hindi lamang basta ginagamit sa proseso ng pagtuturo, kundi kailangang naaayon sa tiyak na layunin ng aralin at sa mga kasanayang inaasahang malinang sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging mas epektibo ang pagtuturo at mas nagiging makabuluhan ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2

Dalas ng Paggamit ng Estratehiya at Kagamitang Panturo sa Pananaliksik

Estratehiya at Kagamitang Panturo sa Pananaliksik	MPS	SD	Berbal na Interpretasyon
Pagsasagawa ng Dula-dulaan o <i>Role playing</i>	3.87	0.34	Pinakamadalas na ginagamit
Paggamit ng <i>Learning Activity Sheets</i> o Gawaing Pampagkatuto	3.43	0.50	Madalas na ginagamit
Paggamit ng Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip (<i>Directed Reading Thinking Activity</i>)	2.57	0.50	Madalas na ginagamit
Paggamit ng <i>Strategic Intervention Material</i>	1.48	0.51	Hindi ginagamit
Paggamit ng <i>Think-Pair-Share</i>	3.48	0.51	Madalas na ginagamit
Pagpapanood ng mga <i>video lessons</i>	3.17	0.71	Madalas na ginagamit
Paggamit ng mga laro tulad ng <i>Kahoot</i> at <i>Quizizz</i>	2.35	0.48	Bihirang ginagamit
Paggamit ng <i>infographics</i>	1.70	0.55	Bihirang ginagamit
Paggamit ng mga <i>graphic organizer</i>	2.65	0.71	Madalas na ginagamit
Pagsasagawa ng palihan/worksyp	3.43	0.50	Madalas na ginagamit
Kabuoang Weighted Mean	2.81	0.23	Madalas na ginagamit

Makikita sa Talahanayan 2 ang pagtataya ng mga guro sa Senior High School hinggil sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik. Batay sa resulta, nakapagtala ito ng kabuoang weighted mean na 2.81 at standard deviation na 0.23 na may berbal na interpretasyong “madalas na ginagamit.” Ipinahihiwatig nito na karaniwang gumagamit ang mga guro ng iba’t ibang estratehiya upang maging mas makahulugan, interaktibo, at epektibo ang pagtuturo ng pananaliksik sa Senior High School. Natuklasan sa pag-aaral na ang pagsasagawa ng dula-dulaan o role playing ang pinakamadalas gamitin na estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik. Maaaring nagpapakita ito na mas nagiging aktibo at masigla ang pakikilahok ng mga mag-aaral kapag naiugnay ang mga konsepto sa mga gawaing nagpapakita ng aktuwal na sitwasyon, kolaborasyon, at interaksyon. Lumalabas din na madalas gamitin ng mga guro ang Learning Activity Sheets o gawaing pampagkatuto, Think-Pair-Share, pinatnubayang pagbasa-pag-iisip, paggamit ng graphic organizer, pagpapanood ng video lessons, at pagsasagawa ng palihan o worksyap. Ipinahihiwatig nito na higit na pinipili ng mga guro ang mga estratehiyang nagbibigay ng pagkakataon sa kooperasyon, malalim na pag-unawa, at aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Sa kabilang banda, bihira namang gamitin ng mga guro ang mga larong pang-edukasyon tulad ng Kahoot at Quizizz gayundin ang paggamit ng infographics bilang kagamitang panturo. Samantala, lumabas din sa resulta na hindi gaanong ginagamit ang Strategic Intervention Material sa pagtuturo ng pananaliksik. Maaaring maiugnay ito sa limitadong akses sa teknolohiya, kakulangan sa mga kagamitang digital, at kakulangan ng sapat na oras sa paghahanda ng mga interaktibong materyales sa pagtuturo. Kaugnay nito, umaayon ang resulta ng pag-aaral sa natuklasan nina Mendoza at Ramos (2025) na nagsasabing mas nagiging mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag gumagamit ang mga guro ng mga estratehiyang nakapagpapalawak ng partisipasyon, interaksyon, at kolaborasyon sa loob ng klase. Natuklasan din sa kanilang pag-aaral na nakatutulong ang paggamit ng collaborative activities, visual materials, at interactive learning strategies upang mapataas ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga gawaing akademiko, kabilang ang pananaliksik. Bukod rito, binigyang-diin din nina Cruz at Villanueva (2025) na mahalaga ang paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang magkakaibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at higit na mapalalim ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip at akademikong pagsulat.

2.3 Lawak ng Paggamit ng Kontekstuwalisasyon sa Pagtuturo ng Pananaliksik

